| MATATAG K to 10 Curriculum Weekly Lesson Log | School | | Grade Level | 8 |
|---|---|---|---|---|
| | Name of Teacher | DepEd Click | Learning Area | AP |
| | Teaching Dates and Time | NOVEMBER 3-7, 2025 (WEEK 1) | Quarter | THIRD |

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayang Pampagkatuto***<br>Natatalakay ang mga sanhi, pangyayari, at pagbabagong dulot ng Unang Digmaang Pandaigdig.<br><br>1. Naiisa-isa ang mga naging sanhi, epekto at implikasyon ng mga pangyayaring naganap sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig.<br>2. Nabibigyang katwiran ang naging tugon ng mga bansa sa pagharap sa iba't ibang suliranin pagkaraan ng digmaan.<br>3. Nahihinuha ang mga implikasyon ng pagbabagong dulot ng Unang Digmaang Pandaigdig. |
| **C. Nilalaman** | A. Unang Digmaang Pandaigdig<br>B. Ang Daigdig Pagkaraan ng Digmaan |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan at Kapaligiran<br>Panahon, Pagpapatuloy at Pagbabago |


| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Bedau, H. A. (2002, January 10). *Civil Disobedience in Focus*. Routledge. http://books.google.ie/books?id=FrKJAgAAQBAJ&pg=PA130&dq=John+Morreall+(1976),+%22The+justifiability+of+violent+civil+disobedience%22,+Canadian+Journal+of+Philosophy&hl=&cd=1&source=gbs_api

*Gandhi*. (n.d.). https://puzzel.org/en/jigsaw/play?p=-NviTahwwy_w7XfYgCgz.

*Magasin*. (n.d.). https://www.jw.org/tl/library/magasin/wp20140201/unang-digmaang-pandaigdig-bumago-sa-daigdig/

*Unang digmaang pandaigdig*. (n.d.). https://www.bing.com/images/search?q=Mga+Nangyari+SA+Unang+Digmaang+Pandaigdig&form=RESTAB&first=1

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral (Passive Resistance ni Gandhi)**<br>Buuin ang puzzle sa pamamagitan ng pagsagot sa 16 na katanungan. Sa bawat tamang sagot, bubuksan ang mga bahagi ng puzzle hanggang sa mabuo ito.<br><br>Mga katanungan para sa Balik-aral<br>1.Ito ay ang hindi marahas na pagsalungat sa awtoridad, lalo na ang pagtanggi na makipagtulungan sa mga legal na pangangailangan.<br>2. Kilala rin ang "passive resistance sa katawagang ________<br>3. Magbigay ng isang halimbawa ng passive resistance.<br>4. Sa anong bansa sa Timog Asya naging malawakan ang *passive resistance?*<br>5. Bakit nagkaroon ng passive resistance sa India?<br>6. Anong bansa sa Europa ang sumakop sa India?<br>7. Ano ang kahulugan ng pagsuway pangmamamayan? | Kunin ang *puzzle* mula sa Sanguniang nakatala sa ibaba.<br><br>*gandhi*. (n.d.). https://puzzel.org/en/jigsaw/play?p=-NviTahwwy_w7XfYgCgz.<br><br>Batayang Kasagutan<br>1.Passive Resistance<br>2. Non-violent resistance<br>3. mga protesta sa kalsada/rally<br>4. India<br>5. Paghahangad ng India na makalaya laban sa control ng Britanya<br>6. Grand Britanya/Great Britain<br>7. Sadyang paglabag sa mga batas ng bansa<br>8. iligal na pag-okupa o pag-agaw sa pasilidad/pagharang sa kalye<br>9. Oo |

| | | |
|---|---|---|
| | 8. Magbigay ng halimbawa ng posibleng karahasang maganap kapag may passive resistance<br>9. Sagutin kung OO o HINDI: Napapayag ba ng mga Indian ang mga Ingles na mabigyan sila ng posisyon sa pamahalaang Britanya matapos ang pagpapamalas ng passive resistance?<br>10. Ang nangunang lider-nasyonalista ng bansang India | 10. Mahatma o Mohandas Gandhi<br>Kapag nabuo na, ipakilalang muli kung sino ang nasa<br>**Mahatma o Mohandas Gandhi**<br>nabuong larawan mula sa *puzzle* |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Gawain: Four in One<br>Pagsusuri. Ibigay ang susing salita na inihahayag ng mga larawan. Ilagay ang sagot sa loob ng *call-out*<br><br>   <br>https://pxhere.com/en/photo/772047<br>https://www.rawpixel.com/image/8718054<br>https://itoldya420.getarchive.net/media/war-soldiers-marine-people-9c382a<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**https://www.pexels.com/photo/a-black-and-white-photo-of-soldiers-walking-down-a-road-27970289/**<br> Digmaan - palitan at marahas ng paglalapat ng lakas sa pagitan ng magkalabang pampolitika na entidad na | Isusulat ng guro sa pisara ang lahat ng salitang ibabahagi ng mga mag-aaral. At mula sa mga naisulat na salita ay tanungin ang klase sa kung ano ang pinaka-*common* na salitang nabanggit.<br><br>Batayang sagot<br>DIGMAAN/DIGMAAN SA DAIGDIG/DIGMAANG PANDAIGDIG |

| | | |
|---|---|---|
| | naglalayong matamo ang minimithing huling kondisyong pampolitika sa pamamagitan ng sandatahaang sagupaan.<br><br>Unang Digmaang Pandigdig - hidwaang internasyonal na naganap mula 1914 hanggang 1918 na kinasangkutan ng mga makapangyarihang bansa sa mundo na noon ay napapangkat sa dalawang magkalabang alyansa: ang ***Triple Entente*** ng mga bansang France, Great Britain at Russia; at ***Triple Alliance*** ng mga bansang Germany, Italy, Austria-Hungary).<br> Alyansa - isa o higit pang kasunduan ng mga bansa o partido na sumusuporta sa isang programa, paniniwala o pananaw. <br><br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Italian_Soldiers_in_Trench_World_War_1.jpg<br>https://www.flickr.com/photos/wildrose115/27623264486 | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Panonood ng ***video*** tungkol sa Pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig<br>https://www.youtube.com/watch?v=5Z5t5yYijR8&t=132s<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>A. Anu-ano ang mga naging sanhi ng pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig? Ipaliwanag ang bawat isa.<br>B. Ano ang kahulugan ng alyansa? Ilarawan: Triple Alliance at Triple Entente<br>C. Ipaliwanag ang papel na ginampanan ng Belgium at Switzerland sa pagsisimula ng Digmaan Sa Kanluran.<br>D. Bakit naging sentro ng digmaan ang bansang Germany?<br><br>**Pambungad:** | Ang mga mag-aaral ang magbibigay ng impormasyon. Maaaring magdaos ng **pangkatang gawain** para mailahad ang aralin.<br><br>Sanggunian<br>*unang digmaang pandaigdig.* (n.d.). https://www.bing.com/images/search?q=Mga+Nangyari+SA+Unang+Digmaang+Pandaigdig&form=RESTAB&first=1.<br><br><br>*introWW1*. (n.d.). https://www.britannica.com/event/World-War-I/Forces-and-r |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay itinuturing na isang internasyonal na salungatan ng mga bansa noong 1914-1918. Karamihan sa mga sangkot na mga bansa ay nasa Europa kabilang ang Russia at Estados Unidos. Tunggalian din ito sa pagitan ng mga bansang nasa panig ng Triple Alliance na binubuo ng Germany, Italy at Austria-Hungary; at ng Triple Entente ng France, Great Britain at Russia; Nang pasimula ng 1917, nasangkot na din ang Estados Unidos sa pagitan ng dalawang alyansa ito.<br><br>Isa sa mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng daigdig sa panahon ng nabanggit na digmaan ay ang pagbagsak ng Apat na Dakilang Dinastiya - Germany (Pamilya Hohnzollern), Russia (Pamilya Romanov), Austria-Hungary (Pamilya Hapsburg) at naganap ang mga destabilisasyon sa lipunang Europeo<br><br>**Pagtalakay**:<br><br>A. Mga Sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig<br>1. Nayonalismo - ay nagbubunsod ng pagnanasa ng mga tao upang maging malaya ang kanilang bansa. Kung minsan, ito ay lumalabis at nagiging panatikong pagmamahal sa bansa. (Halimbawa ay ang mga Junker sa Germany)<br>2. Imperyalismo - paraan ng pag-aangkin ng mga kolonya at pagpapalawak ng pambansang kapangyarihan at pag- unlad ng mga bansang Europeo. Ang pag- uunahan ng mga makapangyarihang bansa na sumakop ng mga lupain at pagkakaroon ng kontrol sa pinagkukunang-yaman ay isa sa mga layunin nito.<br>3. Militarismo - upang mapangalagaan ang kani-kanilang teritoryo, kinakailangan ng mga bansa sa Europe ang mahuhusay at malalaking hukbong sandatahan sa lupa at karagatan, gayundin ang pagpaparami ng armas.<br><br>Ito ang naging ugat ng paghihinalaan at pagmamatyagan ng mga bansa. Nagsimulang magtatag ng malalaking hukbong pandagat ang **Germany**. | esources-of-the-combatant-nations-in-1914.<br><br>Sanggunian:<br><br>*World War I \| History, Summary, Causes, Combatants, Casualties, Map, & Facts*. (n.d.). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/World-War-I/Forces-and-resources-of-the-combatant-nations-in-1914 |

| | | |
|---|---|---|
| | Ipinalagay na ito'y tahasang paghamon sa kapangyarihan ng Great Britain bilang ang Reyna ng Karagatan.<br><br>4. Alyansa - kampihan ng mga bansa sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig batay sa kanilang motibo.<br><br>B. Mga Alyansa<br><br>Dalawang magkasalungat na alyansa ang nabuo.<br><br>1. Triple Entente - Binubuo ng France, Great Britain at Russia (FGBR), ang Triple Entente. Sa ilalim ng alyansa, nangako ang bawat kasapi na magtulungan sakaling may magtangkang sumalakay sa kanilang bansa.<br><br>2. Triple Alliance – itinatag ni Bismarck 1882; binubuo ng Germany, Italy at Austria- Hungary. (GIAh)<br><br>Dahilan ng pagkakabuo:<br><br>Upang magkaroon ng kasunduan ng pagtutulungan sa panahon ng digmaan. Ito ay nangangahulugan na kung nagdeklara ang kanilang kaalyadong bansa ng digmaan sila ay obligado na magdeklara din sa kalaban ng kanilang kakampi.<br><br>Gamitin ang mga sumusunod na ***graphic organizers*** para sa Gawain.<br><br>*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*<br><br>C. Pagkakasangkot ng Belgium at Switzerland sa Digmaan<br><br>Nagsimula ang Digmaan sa Kanluran nang sakupin ng Germany ang Belgium kahit na ito ay isang neutral na bansa. Ito ang ginamit na paraan ng Germany upang lusubin din ang France. Itinulak ng hukbong Germany ang mahiit na 200,000 sundalong Belgian kasama na nga mga sundalo ng kaalyadong bansa nito, ang France at Great Britain. Nagtapos ang paglusob ng Germany sa Belgium nang kontrolin nito ang mga hangganan sa France. Dahil sa kawalan ng opensiba ng Belgium, tuluyan nang napasailalim ng Germany ang Belgium | Sanggunian:<br>(Belgium-Switzerland)<br><br>Volle, A. (n.d.). *Western Front \| World War I, Definition, Battles, & Map*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Western-Front-World-War-I |

Sa kabilang dako, ang Switzerland naman ay nanatiling neutral sa panahon ng digmaan. Bagaman nasangkot noon sa French Revolution, ang pagiging neutral nito o walang pinapanigan bansa ay nakatulong sa kanila para mapanatili ang kapayapaan. Diumano, ang tanging nakikitang dahilan kung bakit nasangkot ang Switzerland sa digmaan ay nang pagpasyahan ni Adolf Hitler na hayaan ang Germany sa kanilang neutralidad dahil sa pagkakaroon nito ng malakas na Swiss Army at ang posibilidad na gawing imbakan o deposito ng mga nakamkam na yaman mula sa mga bansang nasakop ng Germany.

Gawain: *(Tingnan ang mga Gawain sa pahina 2 ng Sagutang Papel)*

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Pagkatapos panoorin ang *video* at sagutan ang mga pamprosesong tanong
   **Gawain: What's in A Box**
   Punan ang mga blankong kahon ng mga titik upang mabuo ang mga salitang may kugnayan sa paksang tatalakayin.

   *(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**
   **GAWAIN: MAPAnalisis**
   *(Tingnan sa pahina 4-5 ng Sagutang Papel)*

**Ikalawang Araw**
**Kaugnay na Paksa 2: Mahahalagang Pangyayari Noong Unang Digmaang Pandaigdig**
**A.Mga Bansang Sangkot sa Unang Digmaang Pandaigdig**

*Video* tungkol sa mga bansang nasangkot sa Unang Digmaang Pandaigdig at iba pang mahahalagang kaganapan sa panahong iyon
https://www.youtube.com/watch?v=D7ATKP_k9Ko

**Pagproseso ng Pag-unawa**
***Mga bansa na naging bahagi ng Unang Digmaang Pandaigdig***
Pambungad

| | | |
|---|---|---|
| | Taong 1914 nang ang daigdig ay napasailalim sa isang digmaang kumitil ng milyong tao sa layuning mapalawak ang kani-kanilang kapangyarihan, magkaroon ng ,mga bagong lupang-sakop at magparamihan ng armas. Higit sa 10 bansa ang nasangkot sa digmaang ito, anupat kinakailangan angpagkakabuo alyansa upang matiyak ang pagkapanalo o di kaya'y dominasyon sa digmaan.<br><br>Nabuo ang Triple Alliance (Germany, Italy at Austria-Hungary) at ang Triple Entente (France, Great Britain at Russia). Kasunod nito ay ang pag-anib ng iba pang mga bansa upang makipagkampihan dito at makakuha ng proteksyon. Anu-ano ba ang mga bansang kasapi ng alyansa?<br><br>**Gawain : Flag Retreived**<br>Isulat sa loob ng kahon ang pangalan ng bansa katapat ng bandila:<br><br>*(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: Kampihan Na**<br>Matapos matukoy ang pangalan ng mga bansang sangkot sa Unang Digmaang Pandaigdig (batay sa Unang Gawain). Pangkatin ang mga ito ayon sa kani-kanilang alyansa. Isulat sa *leaf organizer* ang sagot.<br><br>*(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)*<br><br>**B. Kalagayan ng kanilang Lipunan Bago at sa Panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig**<br><br>Isang siglo na ang nakalipas, iniwan ng milyun-milyong kabataang lalaki ang seguridad ng kanilang tahanan at sumuong sa digmaan. Umalis silang punô ng pag-asa dahil sa pag-ibig sa bayan. "Masaya ako at tuwang-tuwa sa inaasahan kong magandang kinabukasan," ang isinulat ng isang sundalong Amerikano noong 1914.<br><br>Pero di-nagtagal, ang kanilang pananabik ay nauwi sa kabiguan. Walang sinumang nakaisip na ang napakaraming sundalo ay maiipit sa pakikipagdigma sa Belgium at Pransiya. Tinawag ito noon ng mga tao na "Malaking Digmaan." Ngayon, tinatawag itong Unang Digmaang Pandaigdig. | Mga Batayan ng Kasagutan<br>1.Great Britain<br>2. France<br>3. Italy<br>4. Russia<br>5. Germany<br>6. Hungary<br>7. Austria<br>8. Belgium<br>9. Japan<br>10. USA<br><br>Batayang Kasagutan<br>1.Nasyonalismo<br>2.Imperyalismo<br>3. Militarismo<br>4. Alyansa<br>5. Digmaan |

Ang unang digmaang pandaigdig ay malaki nga kung pag-uusapan ang dami ng pinsala. Ayon sa ilang pagtataya, 10 milyon ang namatay at 20 milyon ang nasugatan. Resulta rin ito ng malaking pagkakamali. Hindi napahinto ng mga estadista sa Europa ang tensyon sa pagitan ng mga bansa na lumala at naging pandaigdig na digmaan. Marahil higit sa lahat, ang "Malaking Digmaan" ay nag-iwan ng permanenteng pilat sa daigdig. Binago nito ang daigdig sa paraang nakaaapekto pa rin sa atin sa ngayon.

**A. Mga Dahilan Kung Bakit Naganap ang Unang Digmaang Pandaigdig**

Sumiklab ang unang digmaang pandaigdig dahil sa maling kalkulasyon. Walang ideya ang mga lider sa Europa na ang kanilang ginagawang mga desisyon ay magbubunga ng pandaigdig na kasakunaan noong mapayapang tag-araw ng 1914, ayon sa akdang *The Fall of the Dynasties—The Collapse of the Old Order 1905-1922.*

Sa loob lamang ng ilang linggo, ang pataksil na pagpatay sa artsiduke ng Austria na si Francis Ferdinand ay nagsadlak sa lahat ng makapangyarihang bansa sa Europa sa isang digmaan na hindi nila gusto. "Paano nangyari iyon?" ang tanong sa chancellor ng Germany ilang araw pagkatapos magsimula ang kaguluhan.

Bago pa ang asasinasyon kay Ferdinand, ilan sa mga pangunahing dahilan kung bakit naganap ang Unang Digmaang Pandaigdig ay ang Nasyonalismo, Militarismo, Imperyalismo at Alyansa.

**B. Mga Kaganapan sa Panahon ng Digmaang Pandaigdig**

**Panoorin ang video may kaugnayan sa paksa**: ***(ikalawang bahagi ng video time frame: mula sa 2mins 30sec at pagtalakay sa mga Pamprosesong Tanong***):

https://www.youtube.com/watch?v=2wmLeAcCzTQ

**Pinatnubayang Pagsasanay**

1.Ipaliwanag ang mga sumusunod na kaganapan sa panahon ng Unang Digmaag Pandaigdig:

A. Labanan sa Kanluran (Allied Forces laban sa Germany)

B. Labanan sa Silangan (Central Powers laban sa Russia at Serbia)


C. Ang Pagkakasangkot ng Amerika sa Unang Digmaan

**Ikatlong Araw**
**Kaugnay na Paksa 3: Mga Pagbabagong dulot ng Digmaan**

Panoorin ang video may kaugnayan sa paksa:
**https://www.youtube.com/watch?v=5Z5t5yYijR8&t=340s**

**Pagproseso ng Pag-unawa**

***A. Epekto dulot ng digmaang pandaigdig sa Ekonomiya, Lipunan At Kalagayan ng Kababaihan***



| | | |
|---|---|---|
| | **B. Implikasyon ng naganap na digmaan sa kasaysayan.at sa hinaharap**<br><br>Ang mga lider na gumawa ng kapaha-pahamak na mga desisyong humantong sa digmaan ay walang kaide-ideya sa mga magiging resulta nito. Pero di-nagtagal, natanto ng mga sundalong nakikipagbaka ang realidad ng digmaan. Natuklasan nila na bigo ang kanilang mga plano, nilinlang sila ng kanilang mga klero, at dinaya sila ng kanilang mga lider-pulitikal<br><br>Nagkaroon din ng taggutom at problema sa ekonomiya pagkatapos ng digmaan. Ang kalakhang bahagi ng Europa ay nagutom nang matapos ang digmaan noong 1918. Noong 1923, ang pera ng Germany ay nawalan ng halaga. Pagkalipas ng anim na taon, bumagsak ang ekonomiya ng buong daigdig.<br><br>Ang unang digmaang pandaigdig ay malaki nga kung pag-uusapan ang dami ng pinsala. Ayon sa ilang pagtataya, 10 milyon ang namatay at 20 milyon ang nasugatan. Resulta rin ito ng malalaking pagkakamali. Hindi napahinto ng mga estadista sa Europa ang tensyon sa pagitan ng mga bansa na lumala at naging pandaigdig na digmaan. Marahil higit sa lahat, ang "Malaking Digmaan" ay nag-iwan ng permanenteng pilat sa daigdig. Binago nito ang daigdig sa paraang nakaaapekto pa rin sa atin sa ngayon.<br><br>**Ikaapat na Araw**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: Hanapin Mo Ako**<br>Mula sa *loop-a-word puzzle*, bilugan o lagyan ng *highlight* ang mga salita o konsepto na tinalakay sa paksang-aralin. Pagkatapos ay magsulat ng maikling paliwanag o deskripsyon sa bawat isa. Ang mga salita ay maaaring nakasulat nang PAHALANG, PABABA at DAYAGONAL o pahilis.<br>**Paglalapat at Pag-uugnay** | Batayan ng Kasagutan:<br>Allied Forces<br><br>France; Great Britain, USA, Italy, Japan, Russia<br><br>Central Powers<br><br>Germany, Austria, Hungary<br><br>Sanggunian<br>*magasin*. (n.d.). https://www.jw.org/tl/library/magasin/wp20140201/unang-digmaang-pandaigdig-bumago-sa-daigdig/.<br><br>*Ang Unang Digmaang Pandaigdig: Ang Digmaan na Bumago sa Daigdig*. (n.d.). JW.ORG.<br><br>Sanggunian ng loop-a-word https://www.superteacherworksheets.com/generators/wordsearch.php#ws |

| | | |
|---|---|---|
| | Balikang muli ang aralin tungkol sa implikasyon ng digmaan sa kasaysayan at sa hinaharap. Magsulat ng maikling konsepto o pangungusap upang makompleto ang diwa ng mga parapo.<br>*(Tingnan ang Gawain sa pahina 8-9 ng Sagutang Papel)* | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain: Kapsyunan Mo**<br>Komentuhan ang larawan batay sa kung ano ang interpretasyon ng mag-aaral. Ipasulat sa worksheet o sagutang papel ang kanilang saloobin.<br>*(Tingnan sa pahina 10 ng Sagutang Papel)* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>*(Tingnan sa pahina 12-13 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>A. Magsaliksik tungkol sa League of Nations.<br>B. Ipaliwanag ang dahilan at layunin ng pagkakatatag ng League of Nations<br>C. Ilarawan: Spanish Flu at ang epekto nito sa mga mamamayang nagkasakit nito at ang lawak ng paglaganap ng nasabing sakit sa daigdig.<br><br>Maaring gamiting Sangunian:<br><br>https://www.britannica.com/topic/League-of-Nations.<br><br>league of nations. (n.d.). https://www.britannica.com/topic/League-of-Nations.<br>spanish flu. (n.d.). https://my.clevelandclinic.org/health/diseases/21777-spanish-flu.<br><br>*spanish flu*. (n.d.). https://my.clevelandclinic.org/health/diseases/21777-spanish-flu. | Batayan ng Kasagutan<br><br>1. Wasto<br>2. Wasto<br>3. Di-wasto<br>4. Wasto<br>5. Di-wasto<br>6. Wasto<br>7. Di-wasto<br>8. Wasto<br>9. Wasto<br>10. Wasto<br>11. Wasto<br>12 Wasto<br>13. Wasto<br>14. Wasto<br>15. Di-wasto<br>16. Wasto<br>17. Di-wasto<br>18. Wasto<br>19. Wasto<br>20. Wasto |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** **Gng. Piedad O. Diola** | ***Sinuri ni: Gng. Ma. Victoria Colimas – Colis, PhD*** |
| ***Institusyon: Pasay City West High School*** | ***Institusyon: Philippine Normal University-Manila*** |